

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kaligtasan at sa relasyong gusto Niyang magkaroon tayo sa piling Niya. Ipanalangin na mas lumalim pa ang relasyon natin sa Kanya.
- Hingin sa Diyos na malinaw na ipakita sa iyo ang Kanyang pagmamahal at pagtibayin ang mga ipinangako Niya sa iyo. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng kalakasan at pagtitiwala upang sundin ang Kanyang kagustuhan.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maipakita mo sa isang kapamilya o kaibigan ang ibig sabihin ng pagiging kaibigan ng Diyos.

NOTES

Ang Panganib ng Kamunduhan

WARM-UP

- Ano ang isang bagay na gusto mong ginagawa dahil sa isa sa mga kaibigan mo? Magkuwento tungkol dito.
- Kung maaari kang pumunta kahit saan sa mundo, saan ka pupunta?
- Mayroon bang adhikain o proyekto na gusto mong suportahan? Kung magagawa mo, paano mo ito susuportahan?

WORD

*... hindi ba ninyo alam na kaaway ng Diyos ang umiibig sa mundo? Kaya ang sinumang nagnanais makipagkaibigan sa mundo ay ginagawa niyang kaaway ng Diyos ang sarili niya. **SANTIAGO 4:4***

(Basahin din ang **SANTIAGO 4:1-5:6**.)

Kadalasan, ginagamit natin ang salitang “makamundo” upang ilarawan ang sinasabi o kaya ay ginagawa ng iba sa hindi maka-relihiyosong kaparaanan. Subalit sinabi ni Santiago na ang kamunduhan ay nagsisimula sa ating mga puso. Nangangahulugan ito na pinahahalagahan natin ang ating mga sarili, pag-aari, at mga nagawa nang higit pa sa Diyos. Ibig sabihin nito na hindi nakatuon ang ating pansin sa Diyos at sa mga bagay na Kanyang pinahahalagahan. Inilarawan ni Santiago ang tatlong panganib ng kamunduhan na humahadlang sa atin sa pagpapakita ng ebanghelyo.

1**Ang kamunduhan ang nagdudulot ng pakikipag-away sa isa't isa.**

Ano ba ang pinagmumulan ng mga pag-aaway at alitan ninyo? Hindi ba't ang masasamang kagustuhan na naglalaban-laban sa puso ninyo? **SANTIAGO 4:1**

Kung tayo ay kaibigan ng mundo sa halip na kaibigan ng Diyos, nakatuon ang pansin natin sa kasalukuyang pamumuhay at mga pag-aari natin. Kung ganito ang pangyayari, madalas na hinahangad natin kung ano ang mayroon ang iba—pamilya, relasyon, mga bahay, at mga oportunidad. Dahil dito, tayo ay wala tayong kasiyahan at madalas ay nakakasakit ng at nakikipag-away sa kapwa. Sa Santiago 2:23, si Abraham ay tinawag na *kaibigan ng Diyos* dahil siya ay naniwala sa Kanya. Ano ang ibig sabihin ng pagiging kaibigan ng Diyos?

2**Ang kamunduhan ang nagdudulot ng pagmamayabang tungkol sa kinabukasan.**

¹⁴*Sa katunayan, hindi ninyo alam kung ano ang mangyayari sa inyo bukas. . . .*¹⁶*Ngunit sa ngayon, nagmamalaki at nagmamayabang kayo. Ang ganyang pagyayabang ay masama.* **SANTIAGO 4:14,16**

Kung tayo ay nasasabik sa isang bagay, ikinukuwento natin ito sa iba—isaing lakad sa ibang bansa, pagtaas ng posisyon sa trabaho, pagkakataong makapag-aral. Hindi ito ang tinatawag ni Santiago na *masama*. Sa halip, ipinaalala niya sa atin na ang ating buhay at mga nagawa ay galing sa Diyos, dahil Siya ang may-akda ng ating buhay at hawak Niya ang ating kinabukasan. Kapag inaangkin natin ang pagpapalang ibinibigay sa atin ng Diyos, tayo ay nagiging mayabang at mapagmalaki. Ano ang sinabi sa Santiago 4:17 tungkol sa pagsunod sa ating kagustuhan sa halip na sumunod sa kagustuhan Niya?

3**Ang kamunduhan ang nagdudulot ng maling pakikitungo sa ibang tao.**

Pakinggan ninyo ang reklamo ng mga manggagawa laban sa inyo. . . . Nakarating na sa Panginoong Makapangyarihan ang mga hinaing nila. **SANTIAGO 5:4**

(Basahin din ang **SANTIAGO 5:1,5,6**.)

Ang pagiging makamundo ay nangangahulugan na inuuna natin ang ating sarili at hindi ang Diyos o ang ibang tao. Minsan, hindi na natin napapansin kung ang isang tao ay nangangailangan. Minsan hindi na patas ang pakikitungo natin sa iba. Kung hindi mangunguna ang Diyos sa ating mga buhay, mawawala ang tiwala natin sa Kanya para sa hinaharap. Dahil dito, maaari nating ituring nang mali ang iba para sa ating personal na pakinabang. Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Filipos 1:6 tungkol sa ginagawa ng Diyos sa atin at sa pamamagitan natin?

APPLICATION

- Alam mo ba kung ano ang ibig sabihin ng pagiging kaibigan ng Diyos sa halip na kaibigan ng mundo? Gusto mo bang gawin ang susunod na hakbang upang magkaroon ng personal na relasyon sa Kanya?
- Sinasabihan ka ba ng Diyos na unahin Siya sa isang bahagi ng buhay mo? Paano mo ito sasadyaing gawin simula ngayong linggo?
- Pangalanan ang isang kapamilya o kaibigan na kailangan mong hingan ng kapatawaran dahil sa pagmamahal mo sa mundo. Paano mo ito gagawing isang pagkakataon upang maipakita ang ibig sabihin ng pagiging kaibigan ng Diyos?